REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 84**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PASASALAMAT SA NESTLE PHILIPPINES, INC. SA PAGKAKALOOB NG DALAWANG MOBILE PATROL JEEPNEY SA TANGGAPAN NG PULISYA NG BAYAN NG MUNTINLUPA.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang pangangalaga ng kaayusan at katahimikan ng bayan ay ang pangunahing tungkulin ng puwersa ng pulisya;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng mga sasakyang magpapatrolya sa mga lugar na nasasakupan ay magsisilbing balakid sa mga taong nagnanais na gumawa ng hindi maganda sa kapwa;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng mga mobile patrol jeepney ay napakabilis ang pagkilos at pagsaklolo sa mga mamamayan na nangangailangan ng mabilisang aksiyon at tulong ng himpilan ng pulisya;

SAPAGKAT, ang pakikipagtulungan ng nasa pribadong sektor sa Pamahalaang Bayan para sa kapakanan ng bayan ay magdudulot ng isang maayos at maunlad na pamayanan;

SAPAGKAT, ang kompanyang NESTLE Phils.,Inc. na may pabrika sa Alabang, Muntinlupa sa pagkakaloob nito ng dalawang mobile patrol jeepney ay nangangahulugan lamang ng pagkilala at pagtitiwala nito sa kasalukuyang pamunuan na gawing modelo ng katiwasayan, kaayusan at kaunlaran ang bayan ng Muntinlupa sa buong bansa.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na pasalamatan ang Nestle Phils. Inc. sa pagkakaloob ng dalawang (2) mobile patrol jeepney sa Tanggapan ng Pulisya ng Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-apatnapu't walong (48th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-20 ng Pebrero, 1989.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

Kgg. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

RRC:vts

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



**Kapasiyahan bilang 84**

**Kgg. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang.Punong Bayan/Pangulong Opisyal**

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

RRC:vts